# RESPONSABLENG PAGSASALITA

4

ARALIN

## TALAAN NG MGA TATALAKAYIN

- Panimula
- Maaatim Mo ba ang Katotohanan?
- Magkuwento Ka sa Akin ng tungkol sa Iyong Sarili
- Bawat Salita ay Mahalaga
- Konklusyon
- Pagtatasa sa Estudyante

## MGA LAYUNIN

Matuklasan ng mga estudyante ang kapangyarihan ng mga salita.

Kilalanin ng mga estudyante na ang mga tao ay may pananagutan sa kanilang sinasabi.

Matuklasan ng mga estudyante na ang mga tao ay may kakayahang kontrolin ang kanilang sinasabi at kung paano nila ito sasabihin.

Kilalanin ng mga mag-aaral na ang responsableng paggamit ng mga salita ay bahagi ng pagiging isang epektibong communicator.

## MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Isang clip ng eksena sa korte mula sa pelikulang A Few Good Men, kung saan sumikat si Jack Nicholson sa sikat na linya, “Hindi mo maaatim ang katotohanan!” (Bahagi I)

- Isang kopya ng activity sheet na "Magkuwento Ka sa Akin ng tungkol sa Iyong Sarili" para sa bawat estudyante (Bahagi II)

# Panimula

3 Minuto

Simulan ang klase ngayon sa pamamagitan ng pagsulat ng “tagapagsalita + tagapakinig = komunikasyon” sa kung saan makikita ng lahat. Ipabasa nang malakas sa isang boluntaryo ang equation. Pagkatapos, isulat sa ibaba nito ang “responsableng tagapagsalita + kritikal na tagapakinig = epektibong komunikasyon.” Balikan ang mga pangunahing punto mula sa nakaraang aralin tungkol sa pagiging isang kritikal na tagapakinig.

Bilugan ang salitang “tagapagsalita” sa unang equation habang sinasabi mo, “Sa araw na ito, pagtutuunan natin ng pansin ang bahaging ito ng equation at ang kahalagahan nito sa komunikasyon.” Iwanan ang equation para gamitin sa buong sesyon.

# Bahagi I: Maaatim Mo Ba ang Katotohanan

15 Minuto

Layunin: Kilalanin ng mga estudyante ang kapangyarihan ng mga salita at matutunan na ang mga tao ay may pananagutan sa kanilang sinasabi.

**1. Maobserbahan ng mga estudyante ang isang eksena sa isang pelikula upang isaalang-alang ang kapangyarihan ng mga salita.**

Bago ang klase, i-set ang clip ng sikat na eksena ng komprontasyon sa korte mula sa A Few Good Men sa pagitan ni Tom Cruise, na gumaganap bilang isang abugado na ipinadala upang siyasatin ang kamatayan ng isang marine, at ni Jack Nicholson, na gumaganap bilang pinuno ng base-militar kung saan namatay ang marine.

Upang bigyan ang mga estudyante ng background, ipaliwanag na sa puntong ito sa pelikula, pinaghihinalaan ni Cruise na mayroong cover-up sa pagkamatay ng marine. Naghihinala siya na ang karakter ni Nicholson ay nagbigay ng utos na nagresulta sa kamatayan. Sa pangwakas na

eksenang ito, si Cruise—sa kanyang pagkabigo—ay naggigiit ng katotohanan, kung saan tumugon si Nicholson, “Hindi mo maaatim ang katotohanan!”

Pagkatapos panoorin ang clip, talakayin ang kapangyarihan ng mga salita. Magtanong ng mga tanong tulad ng sumusunod:

- Ano ang epekto ng mga salita kay Cruise sa pelikulang ito? (Ang mga salita ay magbibigay ng impormasyon na makatutulong sa kanya na malaman kung naganap ba o hindi ang isang cover-up.)
- Paano ginamit ni Nicholson at ng kanyang mga kawani ang mga salita sa pelikulang ito? (Ginamit nila ang mga ito upang magsinungaling at pagtakpan kung ano talaga ang nangyari.)
- Ano ang “katotohanan” na sa isip ni Nicholson ay hindi kakayaning maatim ng isang sibilyan? (Sa isip niya, kailangang palakasin ang loob ng hukbo ang mga sundalo nito upang harapin ang mga kakila-kilabot na bagay ng digmaan sa anumang paraang kinakailangan. Itinuturing niya ang pamamaraang ito bilang kinakailangan, at sinabi na ang kamatayan, bagaman trahedya, ay kapaki-pakinabang.)

**2. Talakayin at tukuyin ng mga estudyante ang pananagutan.**

Bilugan ang mga salitang “responsableng tagapagsalita” sa ikalawang equation sapisara. Itanong, “Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng pagiging isang responsableng tagapagsalita?” Ipaliwanag sa mga estudyante na ang isang kahulugan ay ang pagsasalita nang matapat batay sa sariling karanasan.

Itanong ang mga tanong na ito upang makapagpasimula ng talakayan:

- Paano ginamit ni Nicholson ang mga salita sa eksena sa korte sa partikular na pahayag na ito? (Ginamit niya ang mga ito upang magbigay ng dahilan, o katuwiran, sa kanyang di-makatuwirang gawi.)

- Ito ba ay isang halimbawa ng resposableng pagsasalita? (Hinding-hindi; ang pagtakpan ang katotohanan ay pagmamanipula ng mga salita upang malinlang ang isang tao.)
- Tinatanggap ba ni Nicholson ang pananagutan sa kanyang paggamit ng mga salita? (Oo; naniniwala siya na gumagawa siya ng isang malaking paglilingkod sa kanyang bansa sa pamamagitan ng “pagpapalakas” ng militar. Iniisip niya ang mga bagay-bagay at naniniwala na ang ginagawa niya ay tama.)
- Ano ang mga resulta ng kanyang mga salita? (Nalantad na siya ngayon.)
- Ano ang magiging resulta ng kanyang mga kilos? (Malamang na tatanggalin siya sa hukbo nang walang karangalan, dadalhin sa hukumang militar, at mabilanggo.)

Sa pagtatapos ng pag-uusap, sabihin, “Makapangyarihan ang mga salita, kaya mag-ingat ka at isipin ang mga resulta ng iyong mga salita, yayamang ikaw ang may pananagutan sa mga ito. Tandaan, kung ang mga salita ay lumalabas sa iyong bibig, ang mga ito ay sa iyo.”

# Bahagi II: Magkuwento Ka sa Akin ng tungkol sa Iyong Sarili 15 Minuto

Layunin: Natutunan ng mga estudyante na ang mga tao ay may kakayahang kontrolin ang kanilang sinasabi at kung paano nila ito sasabihin.

**1. Suriin ng mga estudyante ang dalawang panayam.**

Sabihin sa mga estudyante na ang ating mga salita ay lumilikha ng impresyon, kaya mahalaga na gamitin ang mga salita sa mga paraan na nagpapakita ng paggalang sa ating sarili at sa mga taong nakapaligid sa atin. Halimbawa, sa isang panayam sa trabaho, marami ang malalaman ng isang posibleng employer tungkol sa iyo batay sa iyong sinasabi at kung paano mo ito sinasabi.

Ipamahagi ang mga kopya ng activity sheet na “Magkuwento Ka sa Akin ng tungkol sa Iyong Sarili” sa bawat mag-aaral. Sabihin sa mga boluntaryo na mag-role play ng papel ng tagapanayam,

kandidato 1, at kandidato 2, na nag-i-improvise ng mga kilos habang sila ay nagsasalita. Hilingin ang mga mag-aaral na makinig nang mabuti sa mga panayam na ito, na iniisip kung ano ang sinasabi ng mga kandidato at kung paano nila ito sinasabi.

**2. Mapapag-iba ng mga estudyante ang epektibong pagsasalita mula sa hindi epektibong pagsasalita.**

Sabihin sa mga estudyante na ilista ang mga kalakasan at kahinaan ng bawat kandidato. Isulat ang kanilang mga tugon sa pisara. (Ang Kandidato 1 ay mabilis, malakas, at athletic pero nagmamalaki at walang kaugnay na karanasan. Binabalewala niya ang trabaho at gumagawa ng mga pangako na maaaring hindi niya matutupad, gaya ng paggamit ng kaniyang bisikleta sa mga delivery. Ang Kandidato 2 ay isang tagapaglutas ng problema—alam na niya kung paano maiakma ang trabaho sa kanyang iskedyul. Nagbibigay din siya ng mga halimbawa ng maihahambing na trabaho na nagawa niya at mga kasanayan/kaalaman na magpapahintulot sa kanya na magtagumpay. Gayunman, ang kandidato 2 ay walang direktang karanasan.)

Hilingin ang mga estudyante na sabihin, sa pamamagitan ng pagtaas ng kamay, kung aling kandidato ang kanilang tatanggapin para sa trabaho. Ipabuod sa isang estudyante na sumusuporta sa kandidato 2 kung paano ang taong ito ay nakagamit ng mga salita nang responsable. (Ginamit ng kandidato 2 ang mga salita upang makagawa ng mabuting impresyon, na nagpapakita ng paggalang sa kanyang sarili at sa posisyon. Ipinahayag niya ang kanyang interes at ipinakita na siya ay kwalipikado para sa trabaho.)

Salungguhitan ang mga salitang “responsableng tagapagsalita” sa pisara. Itanong, “Ano pa ang ibig sabihin ng pagiging isang responsableng tagapagsalita?” Ipakita sa mga estudyante na ang mga responsableng tagapagsalita ay hindi lamang nagsasalita nang may katotohanan, kundi may paggalang din. Ginagamit nila ang mga salita upang gumawa ng positibong impresyon. Itanong kung paano maaaring makinabang ang kandidato 2 sa paggamit ng mga salita nang responsable. (Malamang na makukuha niya ang trabaho.)

**3. Kilalanin ng mga estudyante ang koneksyon sa pagitan ng hindi berbal na komunikasyon at epektibong pagsasalita.**

Ipunto sa mga mag-aaral na ang activity sheet na “Magkuwento Ka sa Akin ng tungkol sa Iyong Sarili” ay walang mga panuntunan sa entablado maliban sa “pagpapahinga sa upuan.” Hilingin sa kanila na basahin muli ang bawat panayam, na sinisikap na isipin kung paano maaaring magsalita o kumilos ang bawat kandidato habang sinasabi niya ang mga salita. Tagubilinan ang mga estudyante na magbigay ng kanilang sariling mga panuntunan sa entablado batay sa kanilang mga biswalisasyon. Kung pahihintulutan ng oras, bigyang-daan ang pagganap ng mga boluntaryo sa mga eksena na may mga panuntunan sa entablado.

# Bahagi III: Bawat Salita ay Mahalaga

15 Minuto

Layunin: Matutunan ng mga mag-aaral na ang paggamit ng mga salita nang responsable ay bahagi ng pagiging epektibong communicator.

**1. Kilalanin ng mga estudyante ang papel na ginagampanan ng epektibong komunikasyon sa pangungumbinsi.**

Paalalahanan ang mga estudyante na dapat mong piliin nang mabuti ang iyong mga salita sa isang panayam—hindi lamang upang makagawa ng magandang impresyon, kundi upang makumbinsi din ang isang tao na tanggapin ka sa trabaho. Nais mong kumbinsihin ang potensyal na employer na ikaw ang tamang tao para sa trabaho.

Ipaliwanag na ang isa sa layunin ng epektibong pagsasalita ay upang mangumbinsi—upang subukang impluwensyahan ang mga kaisipan o damdamin ng isa. Hilingin ang mga estudyante na mag-isip ng iba pang mga pagkakataon na ginamit ang mga salita upang mangumbinsi. (Maaaring tumugon ang mga estudyante: sa mga anunsyo, pagbebenta, talumpati sa pulitika, pagsisikap sa pangangalap ng pondo.) Pagkatapos, hilingin ang mga mag-aaral na mag-isip ng mga sitwasyon

kung saan ginamit nila ang mga salita upang subukang hikayatin o kumbinsihin ang isang tao tungkol sa isang bagay. (Maaaring sabihin ng mga mag-aaral na sinubukan nilang kumbinsihin ang isang guro na bigyan sila ng ekstensyon sa isang dokumento, sinubukan nilang kumbinsihin ang kanilang mga magulang na pahintulutan silang magtagal sa labas, sinubukan nilang kumbinsihin ang kanilang amo na bigyan sila ng dagdag na suweldo o bakasyon.)

Pagganapin ang mga boluntaryo ng ilan sa mga sitwasyon sa itaas, habang sinusuri ng klase ang pagiging epektibo ng kanilang mga salita. Itanong, "Anong uri ng impresyon ang ginawa ng (pangalan ng mag-aaral)? Matibay ba ang kanilang mga argumento? Kung hindi, ano kaya ang maaari nilang sabihin upang kumbinsihin ang ibang tao na igalang ang kahilingang iyon?"

**2. Kilalanin ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng epektibong komunikasyon sa malinaw na pagpapahayag ng mga mensahe.**

Ituro na ang pagiging malinaw ay isa pang dahilan sa paggamit ng mga salita nang responsable. Kapag simple at malinaw ang iyong komunikasyon, mas malamang na maintindihan ng iba ang iyong sinasabi. Hilingin sa mga estudyante na sumulat ng maikling hanay ng mga direksyon mula sa inyong silid-aralan papuntang cafeteria. Ipabasa sa mga boluntaryo ang kanilang mga direksyon. Tanungin ang mga estudyante kung anong hanay ng mga direksyon ang pinakaepektibong gagabay sa isang bagong mag-aaral mula sa silid-aralan na ito papuntang cafeteria.

**3. Kilalanin ng mga estudyante ang papel na ginagampanan ng epektibong komunikasyon sa diplomasya.**

Bilang pangwakas, ipaliwanag na ang diplomasya ay isa pang dahilan upang piliin nang mabuti ang mga salita at magsalita nang responsable. Ang pagiging matapat at masinop magsalita, sa halip na maging magaspang, ay maaaring magpakita ng mahinahong asal tungo sa tamang direksiyon. Pasiglahin ang talakayan tungkol sa kung paano magiging diplomatiko sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Nagpaplano ang isang kaibigan na magsuot ng casual na damit sa isang pormal na salu-salo.
- Nagkokomento ang isang kaibigan sa bawat eksena ng isang pelikula, at ito ay nakakainis.
- Nag-iisip ang isang kaibigan na mag-apply sa isang trabaho na nangangailangan ng mga kasanayan na alam mong wala sa kanya.

Tandaan na ang mga salita ay mga makapangyarihang ahente ng pagbabago kapag ginagamit nang responsable.

# Konklusyon 2 Minuto

Tapusin ang sesyon na ito sa pamamagitan ng pagtukoy sa equation na isinulat mo sa pisara sa pagsisimula ng klase. Itanong, "Sino sa palagay mo ang may higit na kapangyarihan sa equation na ito—ang nagsasalita o ang nakikinig?" Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na **pangunahing punto** na itinuro sa araling ito:

- Makapangyarihan ang mga salita, kaya gamitin ang mga ito nang may karunungan.
- Dapat kang maging responsable sa iyong mga salita dahil ito ay sa iyo.
- Ang paggamit ng mga salita nang responsable ay bahagi ng pagiging epektibong communicator.
- Magsalita nang responsable para sa pangungumbinsi, kalinawan, at diplomasya.

# Pagtatasa sa Estudyante

1. Ilista ang apat na bagay na magagawa mo upang maging isang responsableng tagapagsalita.
2. Nang hindi binabanggit ang mga ito, ilarawan ang isang taong kilala mo na responsableng tagapagsalita at isang taong hindi responsableng tagapagsalita. Sino sa kanila ang mas pinagkakatiwalaan mo? Bakit?

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGGAMIT NG MGA SIPI

“Ang mga salita ay may mahiwagang kapangyarihan. Maaari itong magdulot ng lubos na kaligayahan o lubhang kapighatian; maaari itong maglipat ng kaalaman mula sa guro tungo sa estudyante; sa pamamagitan ng mga salita maiimpluwensiyahan ng tagapagsalita ang kanyang tagapakinig at idikta ang mga desisyon nito. Kayang pukawin ng mga salita ang pinakamalakas na mga emosyon at udyukan ang lahat ng pagkilos ng tao.”

Tanungin ang mga mag-aaral kung sumasang-ayon sila o hindi sa sipi na ito. Talakayin ang sipi.

## PAGTUGON SA IBA'T IBANG ESTILO NG PAGKATUTO

Pasulatin ang bawat estudyante ng maikling kuwento kung saan ang isang karakter ay kailangang magsalita ng masakit na katotohanan sa ibang tao. Dapat ipakita ng mga estudyante na hindi magalang magsalita ang karakter na ito at isama ang mga kahihinatnan ng magaspang na pag-uusap na ito.

Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang kanilang mga kuwento. Bilang isang klase, talakayin ang kahalagahan ng pagiging masinop magsalita.

## PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Pasulatin ang mga estudyante tungkol sa isang pagkakataon na sinabi nila ang isang bagay na hindi nila sinadya at nais na bawiin ito.

Bigyang-daan ang mga estudyante na bawiin ang mga bagay na sana hindi nila sinabi.

# PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Tagubilinan ang mga estudyante na bumisita sa www.youtube.com at maghanap ng mga halimbawa ng epektibo at hindi epektibong komunikasyon. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang mga video na kanilang nasumpungan sa isang ka-partner at talakayin ang nilalaman nito.

# TAKDANG-ARALIN

Ipabasa sa mga mag-aaral ang activity sheet na “Galit sa Akin ang Kaibigan Ko....”

Pasulatin ang mga estudyante ng tugon sa liham na ito.

# MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Sa bawat isyu ng magasin na *Time*, may isang seksyon na pinamagatang “Verbatim.” Ang seksyong ito ay naglalaman ng mga sipi at ang kanilang mga pinagmulan. Ipasuri sa mga estudyante ang mga sipi ng isang isyu at alamin ang mga pag-iingat na dapat gawin ng mga tao upang matiyak na sila ay responsable sa mga salita na pinili nilang sabihin. Kung hindi madaling makuha ang mga kopya ng *Time*, maa-access online ang ilan sa mga sipi na ito.

Talakayin kung bakit maaaring isama ng *Time* ang seksyong ito sa kanilang magasin.